Republic of the Philippines
Province of Laguna
Municipality of Los Baños
Special Science and Nature City
OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
2/F, Municipal Building, National Highway, Brgy. Timugan, Los Baños, Laguna, 4030
Tel. Nos. : (049) 530 2981; 530 2952; 530 2953; 530 2818 Local: 2001

BAGONG PILIPINAS

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-TATLUMPU'T APAT (34TH) PANGKARANIWANG PULONG NG 12TH SANGGUNIANG BAYAN NOONG ABRIL 6, 2026 NA GINANAP SA SANGGUNIANG BAYAN SESSION HALL, NATIONAL HIGHWAY, BRGY. TIMUGAN, LOS BAÑOS, LAGUNA.

Mga Dumalo :

Kgg. Marlo PJ A. Alipon	Tagapangulo/Pangalawang Punumbayan
Kgg. Miko C. Pelegrina	Kagawad
Kgg. Aldous Amiel B. Perez	Kagawad
Kgg. Muriel Laisa B. Dizon	Kagawad
Kgg. Leren Mae M. Bautista	Kagawad
Kgg. Benedicto S. Alborida	Kagawad
Kgg. Rand Edouard S. De Jesus	Kagawad
Kgg. Myla E. Alinsunurin	Kagawad
Kgg. Jay G. Rolusta	Kagawad
Kgg. Gaudencio P. Macatangay	Pangulo ng Liga ng Barangay
Kgg. Samantha Nicole A. Banasihan – Ortega	Pangulo ng Pambayang Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

Di-nakadalo : Wala

KAUTUSAN BLG. 2026-2480

KAUTUSANG NAGTATAKDA NG MGA ALITUNTUNIN SA PAGTATAYO, PAGPAPAHINTULOT, PAGLILISENSIYA, OPERASYON, AT PAGPAPANATILI NG MGA SABUNGAN SA LOOB NG NASASAKUPAN NG BAYAN NG LOS BAÑOS; NAGTATADHANA NG MGA KAUGNAY NA BATAS AT REGULASYON; NAGPAPATAW NG MGA KAANGKOP NA BAYARIN, SINGIL, AT MGA PARUSA; AT PARA SA IBA PANG KAUGNAY NA LAYUNIN.

May Akda : Konsehal Benedicto S. Alborida

SAPAGKAT, ayon sa Seksyon 1 ng Kautusang Pampanguluhan Blg. 1802-A, serye ng 1981, na nag-amyenda sa Seksyon 4 ng Kautusang Pampanguluhan Blg. 1802, binibigyan ng kapangyarihan ang mga Punong Bayan, sa pakikipagkasundo sa kani-kanilang mga Sangguniang Bayan, na magbigay ng lisensya at magpatupad ng mga regulasyon sa pagpapatakbo ng mga sabungan sa loob ng kanilang nasasakupan, alinsunod sa mga patakaran ng *Gamefowl Commission*, at napapailalim sa pagsusuri at pangangasiwa nito;

SAPAGKAT, ayon sa Seksyon 447(a)(3)(v) ng Batas ng Republika Blg. 7160, na mas kilala bilang *Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991*, binibigyan ng kapangyarihan ang Sangguniang Bayan na magpasa ng mga kautusan para sa paglilisensya sa pagtatatag, operasyon, at pagpapanatili ng mga sabungan, at upang pangasiwaan ang sabong at komersyal na pagpaparami ng mga manok panabong sa loob ng bayan, basta't hindi nalalabag ang mga umiiral na karapatan;

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as Local Government Code of 1991

SAPAGKAT, ang sabong, bilang isang uri ng kontrolado at lehitimong isport at pagpapahayag ng kultura, ay dapat bantayan upang maiwasan ang labis na komersyalisasyon nito na maaaring makapinsala sa pampublikong kaligtasan, lokal na kapayapaan at kaayusan, at mga pagpapahalaga ng komunidad, lalo na sa mga pook na panirahan o sensitibong lugar gaya ng mga paaralan, simbahan, at mga institusyong pampamahalaan;

SAPAGKAT, kinikilala ng Bayan ng Los Baños ang pangangailangang magtatag ng komprehensibong patnubay ukol sa tamang lokasyon, konstruksyon, pagmamay-ari, operasyon, prangkisa, at pagmamanman ng mga sabungan upang matiyak ang pagkakatugma nito sa land use planning, fiscal responsibilities, at mga makabagong teknolohiyang umuusbong;

SAPAGKAT, mahalagang tukuyin ang mga fiscal obligations, mga kinakailangang lisensya, ipinagbabawal na gawain, mga hakbang laban sa pandaraya, at mga parusa kaugnay ng operasyon ng sabungan upang mapangalagaan ang interes ng publiko at mapanatili ang pananagutan ng mga kasangkot na sektor;

SAPAGKAT, ang pagsasama ng makabagong teknolohiya, tulad ng real-time surveillance, mga sistema ng pagtaya, at software regulation, ay dapat isama sa lokal na balangkas ng regulasyon upang makasabay sa mga nagbabagong gawain at matiyak ang makatarungan at ligtas na pagsasagawa ng mga sabong;

SAPAGKAT, sa paggamit ng kapangyarihan at responsibilidad nito sa ilalim ng Local Government Code at iba pang mga kaukulang pambansang batas, itinuring ng Sangguniang Bayan ng Los Baños na nararapat na ipasa ang kautusang ito upang iregula, i-standardize, at subaybayan ang lahat ng aktibidad na may kaugnayan sa sabong, at matiyak na ang mga gawaing ito ay legal, responsable, at naaayon sa interes ng publiko.

KAYA DAHIL DITO, sa pamamagitan ng mungkahi ni Kgg. Benedicto S. Alborida, na sinang-ayunan ni Kgg. Muriel Laisa B. Dizon, at isang-pusong inaprubahan ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan,

IPINASIYA NG SANGGUNIANG BAYAN NG LOS BAÑOS, LAGUNA SA PULONG NA ITO ANG MGA SUMUSUNOD:

ARTIKULO I. PAMAGAT

SEKSYON 1. Ang Kautusang ito ay makikilala bilang "*Ang Kautusan sa Sabungan at Sabong ng Bayan ng Los Baños, Laguna"* bilang pinaikling pamagat at pagkakakilanlan.

ARTIKULO II. DEPENISYON NG MGA TERMINO

SEKSYON 2. Kapag ginamit sa kautusang ito, ang mga sumusunod na termino ay may mga kahulugang gaya ng mga ito:

a. **Tagapamahala ng Pusta (Kasador)** – isang tao na tumatawag at nag-aasikaso ng mga pusta sa sabungan; siya ang responsable sa pagtatasa at pagbabalansi ng mga taya sa pagitan ng mga magkalabang manok. Siya rin ang may tungkulin sa pagsisimula ng laban at sa pamamahagi ng mga panalo ayon sa tagubilin ng pamunuan ng sabungan.

b. **Tagakuha ng Pusta (Kristo)** – isang tao na nangangasiwa sa pagtanggap at pamamahala ng mga pustahan ng mga sabungero bago at pagkatapos ng laban.

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR of R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

k. **Makina ng Pustahan (Betting Machine)** – isang makinang nasa loob ng sabungan na ginagamit ng mga indibidwal upang maglagay ng kanilang mga taya habang may laban.

d. **Tagatanggap ng Pusta sa Makina (Betting Machine Teller)** – isang tao na tumatanggap, nagpoproseso, at nagbibilang ng porsiyento ng mga taya na inilagay sa makina.

e. **Sabungero (Cocker)** – isang taong lumalahok at nakikibahagi sa sabong bilang isang uri ng libangan, kasiyahan, at pampalakasan.

g. **Sabong (Sultada)** – aktuwal na laban ng dalawang (2) manok panabong na halos magkapantay, kung saan inilalagay ang mga taya sa isang lisensyadong sabungan.

h. **Pagsasabong (Sabong)** – ang isport ng pagtutunggali ng magkapantay na mga manok panabong sa aktuwal na labanan kung saan may mga taya sa alinmang panig. Maaari rin itong kilalanin bilang "cockfighting derby," "pintakasi," o "tupada" depende sa tawag sa iba't ibang lugar sa Pilipinas.

i. **Sabungan (Cockpit)** – ang lugar o gusaling may bakod at may isa o higit pang tarangkahan para sa tiyak na pagpasok at paglabas ng mga tao; lisensyado ito para sa pagsasagawa ng sabong, alinsunod sa mga itinakdang patakaran.

l. **Derby** – isang kumpetisyon sa sabong na nilalahukan ng mga kalahok mula sa iba't ibang barangay, bayan, lungsod, lalawigan, o bansa. Maaari itong: Maging lokal o pambansang paligsahan depende sa saklaw ng mga kalahok.

m. **Prangkisa (Franchise)** – isang natatanging pribilehiyo na ipinagkakaloob ng Sangguniang Bayan sa isang indibidwal o grupo upang magpatakbo at magpanatili ng sabungan.

n. **Tagasangga (Mananari)** – isang bihasang tao na may kasanayan sa paglalagay ng tari sa isa o parehong binti (dos bolos) ng manok panabong.

ng. **Manok Panabong (Gamecock)** – tumutukoy sa mga alagang manok, lokal man o inangkat, na sinanay para sa aktuwal na labanan o para sa pagpaparami at pagpapausbong ng lahi na gagamitin sa sabong.

o. **Tagapamahala ng Laban (Sultador o Handler)** – isang tao na personal na may hawak, kumokontrol, at nagpapakawala ng manok sa loob ng sabungan upang lumaban.

p. **Pandaigdigang Derby (International Derby)** – tumutukoy sa paligsahan sa sabong na nilalahukan ng mga lokal at banyagang sabungero o cockfighting aficionados.

r. **Tagapagtugma (Matchmaker)** – isang tao na namamahala sa pagtutugma ng mga manok panabong na magtatagisan sa loob ng sabungan.

s. **Pambansang Derby (National Derby)** – isang imbitasyonal na paligsahan sa sabong na nilalaro ng mga sabungero o "cockfighting aficionados" ng Pilipinas.

t. **May-ari/Tagapamahala (Owner-operator)** – isang tao na may karapatang pagmamay-ari ng sabungan at may legal na titulo nito, may karapatang makinabang, magbenta, magpalit, o itapon ang naturang ari-arian alinsunod sa batas.

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

u. **Tagapangasiwa ng Labanan (Pit Manager)** – isang taong propesyonal na nangangasiwa sa operasyon ng sabungan. Siya ang responsable sa pang-araw-araw na pamamahala ng sabungan. Maaari siyang maging may-ari o tauhan na itinalaga ng may-ari, na may pahintulot ng Municipal Government ng Los Baños.

w. **Promotor (Promoter)** – isang tao, lisensyado ng Municipal Government, na regular na nagsasagawa ng mga pagpupulong, paligsahan, o kaganapan sa sabong, maging pambansa o pandaigdigan, para sa karera ng manok panabong o mga kaugnay na aktibidad. Maaari siyang may prangkisa o wala, at tumatanggap ng bayad para sa paggamit ng pasilidad ng sabungan.

y. **Tagahatol (Sentenciador o Referee)** – isang taong nanonood at nagmamasid sa takbo ng laban at siyang nagpapasya sa resulta sa pamamagitan ng pagtukoy kung alin ang nanalo o kung tabla ang laban.

z. **Rehiyonal na Derby (Regional Derby)** – isang kumpetisyong sabong na nilalahukan ng mga kalahok mula sa isang partikular na rehiyon lamang.

aa. **Regular na Sabong (Regular Cockfight)** – sabong na ginaganap sa mga regular na araw ng operasyon ng isang lisensyadong sabungan.

bb. **Espesyal na Sabong (Special Cockfight)** – sabong na ginaganap sa mga araw na hindi regular na araw ng operasyon, maaaring sa loob ng sabungan o sa mga bukas na lugar na pinahihintulutan, basta't may naaangkop na lisensya.

kk. **Espesyal na Pahintulot (Special Permit)** – isang pahintulot na ibinibigay ng Punong Bayan o ng kanyang awtorisadong kinatawan, na may pagsang-ayon ng Sangguniang Bayan, upang magsagawa ng espesyal na sabong sa mga araw na hindi regular, kabilang ang mga pista opisyal at espesyal na okasyon.

ARTIKULO III. SAKLAW AT APLIKASYON

SEKSYON 3. Ang kautusang ito ay sumasaklaw sa pagtatatag, pagpapatakbo, pangangasiwa, at regulasyon ng mga sabungan sa nasasakupan ng Bayan ng Los Baños, Laguna.

ARTIKULO IV. MGA TUNTUNIN AT ALITUNTUNIN SA PAGPAPATUPAD

SEKSYON 4. **Pagmamay-ari, Operasyon, at Pamamahala ng mga Sabungan.** Tanging mga mamamayang Pilipino lamang, maliban kung ipinagbabawal ng batas, ang maaaring magmay-ari, magpatakbo, at mamahala ng sabungan sa loob ng bayan. Gayunpaman, kung ito ay korporasyon, kinakailangang animnapung porsyento (60%) ng kabuuang kapital ay pagmamay-ari ng mga Pilipinong mamamayan. At kinakailangan ang isang kawani ng munisipyo na tututok sa kita na malilikom ng bayan mula sa nasabing sabungan.

SEKSYON 5. **Lokasyon at Pagtatayo.** Ang plano o disenyo ng sabungan ay dapat aprubahan ng Municipal Building Official, na magbibigay ng sertipikasyon na ang sabungan ay itinayo alinsunod sa inaprubahang plano/disenyo sa lugar na pinahihintulutan ng zoning ordinance. Ito ay dapat ding sumunod sa National Building Code, kabilang ang mga pagbabago o amyenda nito. Kinakailangan

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

din ng sertipikasyon mula sa Municipal Planning and Development Office na ang lokasyon o lugar ng sabungan ay hindi bababa sa dalawang daang (200) metro mula sa mga residential o commercial area, ospital, paaralan, simbahan, o ibang gusaling pampamahalaan.

SEKSYON 6. **Bilang ng mga Sabungan na Pinapayagan.** Tanging isang (1) sabungan lamang ang papayagang maitayo, mapanatili, o mapatakbo sa bawat isang daang libong (100,000) katao ng populasyon. Gayunpaman, kapag ang populasyon ng bayan ay lumampas sa isang daang libo (100,000), maaaring itayo, panatilihin, at patakbuhin ang isa pang sabungan, ngunit ito ay dapat may layo na hindi bababa sa sampung (10) kilometro mula sa isa't isa.

SEKSYON 7. **Pagpataw ng mga Bayarin at Singil.** Mangongolekta ng mga sumusunod na bayarin mula sa mga operator / may-ari / may lisensya ng sabungan at iba pang mga opisyal ng sabong.

a. Para sa mga operator / may-ari / may lisensya ng sabungan at iba pang opisyal ng sabong:

Uri ng Bayarin

1. Bayad sa Bayad sa Prangkisa *(tuwing 10 taon)*.....Php 300,000.00
2. Bayad sa Aplikasyon..... 2,000.00
3. Taunang Bayad sa Permit ng Sabungan..... 3,000.00

b. Para sa mga tauhan ng sabungan:

Posisyon/Tungkulin

1. Promoter / Host..... Php 3,000.00
2. Referee (Sentenciador) 1,000.00
3. Cashier 1,000.00
4. Tagapamahala ng Pustahan (Bet Manager) 1,500.00
5. Tagapagtugma (Matchmaker – Derby) 1,500.00
6. Tagapangasiwa ng Labanan (Pit Manager)..... 2,000.00
7. Tagatanggap ng Pusta (Kristo) 1,500.00
8. Gaffer 1,000.00
9. Iba pang Mahahalagang Kawani 500.00

k. Bayad para sa Espesyal na Permit

1. Espesyal na Sabong (Hackfight) sa lisensyadong sabungan..... Php 3,000.00/araw
2. Espesyal na Sabong (Pintakasi) sa lisensyadong sabungan..... Php 2,000.00/araw
3. Derby
   a. Pandaigdigang Derby (International Derby)...Php 10,000.00/araw
   b. Pambansa/Panrehiyong Derby (bawat araw)
      b.1. 2 Cock Derby..... Php 2,000.00
      b.2. 3 Cock Derby..... Php 4,000.00
      b.3. 4 Cock Derby..... Php 5,000.00
      b.4. 5 Cock Derby..... Php 7,000.00
      b.5. 6 Cock Derby..... Php 9,000.00

   k. Espesyal na Buwis (Levy) para sa mga Nanalo sa Pustahan

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

k.1 Para sa bawat "Sultada", ang halaga ay kokolektahin mula sa mga may-ari ng manok na panabong at ibabayad sa Ingat-Yaman ng Munisipyo sa pamamagitan ng may-ari o operator ng sabungan..... Php 50.00

k.2. Espesyal na Pagtatasa para sa Derby (Special Derby Assessment):

Sa mga derby na may nanalong pusta na mas mababa sa Php 4,000.00..... Php 100.00 / sultada

Sa mga derby na may nanalong pusta na Php 4,000.00 pataas ..... Php 250.00 / sultada

Sa mga regular na sabong na may panalong pusta na Php 2,000 o mas mababa..... Php 50.00 / sultada

Sa mga regular na sabong na may panalong pusta na Php 2,000 hanggang Php 4,500..... Php 100.00 / sultada

Sa mga regular na sabong na may panalong pusta na Php 5,000 pataas..... Php 200.00 / sultada

d. Taunang Rehistrasyon at Bayarin para sa mga Kagamitang Pangrekord ng Sabong, Kagamitan, at Software.

Real Time Camcoder..... Php 150.00

Real-Time Camcoder Requisite equipment (hal: video Processor)..... Php 150.00

Set ng Real-Time Audio Devices..... Php 50.00

Mga Kagamitang ginagamit sa pagpropose at Pag-iimbak ng digital data (hal: PC Laptop external storage na higit sa 1 terabyte, atbp.)..... Php 100.00

Ibang kagamitan o device na may kabuuang halagang katumbas o higit sa Php 5,000.00..... Php 100.00

Cockfighting Management Software..... Php 500.00

e. Bayad sa basura ng Sabungan (Cockpit Arena Garbage Rate)..... Php 5,000.00 bawat taon

SEKSYON 8. Ang taunang bayad sa permit ng sabungan ay kailangang bayaran sa oras ng aplikasyon ng permit bago payagang mag-operate ang sabungan, at sa loob ng unang dalawampung (20) araw ng Enero ng bawat taon sa oras ng pag-renew nito. Para sa mga derby at espesyal na sabungan, ang mga itinakdang bayarin ay dapat bayaran sa Ingat-Yaman ng Pamahalaang Lokal bago isagawa ang naturang sabong nang legal.

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise know as the Local Government Code of 1991

SEKSYON 9. Ang bayad sa permit para sa mga tauhan ng sabungan ay kailangang bayaran bago sila makibahagi sa sabong, at taunang babayaran tuwing renewal ng permit ng sabungan. Tanging mga rehistrado at lisensyadong tauhan lamang ang maaaring lumahok sa lahat ng uri ng sabong na isinasagawa sa buong bayan. Ang sinumang operator o may-ari ng sabungan ay hindi maaaring kumuha o payagan ang sinuman sa mga nabanggit na tauhan na makibahagi sa sabong kung hindi pa sila rehistrado at nabayaran ang kinakailangang bayad.

SEKSYON 10. Ang prangkisa upang magpatakbo ng sabungan ay ipagkakaloob ng Sangguniang Bayan at magkakabisa sa loob ng sampung (10) taon, maliban kung ito ay kanselahin ng Sangguniang Bayan dahil sa paglabag sa mga probisyon ng kautusang ito at mga umiiral na regulasyon. Ang kasalukuyang may hawak ng prangkisa ay maaaring i-renew ito sa pamamagitan ng pagsusumite ng liham ng layuning mag-renew bago o sa ika-15 ng Disyembre ng bawat taon. Ang hindi pagsusumite ng liham ng layunin sa takdang panahon ay magbibigay ng karapatang mag-apply sa ibang aplikante.

Matapos pagkalooban ng prangkisa, ang sinumang nagnanais magtayo at magpatakbo ng sabungan ay kinakailangang kumuha ng *License to Operate* mula sa tanggapan ng Punong Bayan bilang paunang kondisyon bago payagang magpatayo ng anumang istraktura, magsimula, o magpatuloy ng operasyon ng sabungan. Ang sinumang lalabag dito ay hindi pahihintulutang mag-operate.

SEKSYON 11. Maliban sa aktwal na operasyon ng sabungan, ang lahat ng iba pang aktibidad na pang-negosyo sa loob ng lugar ng sabungan ay kinakailangang kumuha ng kaukulang Mayor's Permit bago magsimula ng operasyon at magbayad ng nararapat na buwis sa negosyo at bayarin para sa Mayor's Permit alinsunod sa umiiral na mga kautusan ng Pamahalaang Bayan.

Ang pagkuha ng Mayor's Permit para sa mga nasabing aktibidad ay hiwalay at bukod pa sa lisensyang kinakailangan para sa mismong operasyon ng sabungan.

ARTIKULO V. MGA KINAKAILANGAN PARA SA APLIKASYON NG PRANGKISA

SEKSYON 12. **Pagpaprangkisa ng mga Sabungan.** Walang sabungan ang papayagang maitayo, mapatakbo, o mapanatili sa Bayan ng Los Baños, Laguna nang walang wastong prangkisa na ipinagkaloob ng Sangguniang Bayan.

SEKSYON 13. **Ang mga sumusunod na kinakailangan ay dapat tuparin para sa aplikasyon ng prangkisa:**

A. Para sa mga Bagong Aplikante

a. Aplikasyon na naglalaman ng pangalan ng sabungan, pangalan ng mga may-ari o, kung ito ay partnership o korporasyon, isang sertipikadong kopya ng Articles of Incorporation at By-Laws, ang

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

pangalan ng operator/manager, pangalan ng lisensyado, at mailing address ng mga nabanggit na tao.

b. Rehistrasyon ng Negosyo mula sa SEC o DTI.
k. Rehistrasyon sa BIR.
d. Katibayan ng Pagmamay-ari ng Lupa o Kontrata ng Pagpapaupa kung inuupahan
e. Katibayan ng Pinansyal na Kakayahan, Profile ng Kumpanya, at Programa ng Pagpapaunlad
g. Kapasiyahan ng Barangay na hindi tumututol (interposing no objection)
h. Listahan ng lahat ng lisensyadong tauhan at kopya ng kani-kanilang mga lisensya
i. Listahan ng lahat ng regular na empleyado at ang kanilang mga posisyon, kasama ang kanilang sertipiko kalusugan.
l. Reklasipikasyon ng Lupa kung kinakailangan (para sa Lupang Agrikultural)
m. Pahintulot sa Zoning at Pahintulot sa Pagtatayo ng Gusali (Building Permit)
n. Mga opisyal na resibo na nagpapakita ng pagbabayad ng mga buwis, bayarin, at iba pang itinakdang singilin ng Munisipyo ayon sa umiiral na mga Ordinansa

B. Para sa Pag-renew

a. Klaro o Katibayan mula sa Tanggapan ng Ingat-Yaman (Treasurer's Office) hinggil sa Pagbabayad ng mga Dapat Bayaran
b. Bagong Kontrata ng Pagpapaupa kung inuupahan ang lupa
k. Na-audit na Pahayag Pinansyal (Audited Financial Statement)
d. Sertipikasyon mula sa Municipal Engineer ukol sa Kaligtasan o Kaayusan ng Estruktura
e. Pahintulot sa Kalinisan at Kalusugan, at Pahintulot mula sa Bumbero (Fire Clearance)
g. Mga Opisyal na Resibo na nagpapatunay ng pagbabayad para sa rehistrasyon at mga bayarin sa mga gamit, kagamitan, at software na ginagamit sa pagtatala ng sabong (cockfighting recording devices, equipment, and software).

ARTIKULO VI. PAGLALAGAY NG MAKABAGONG TEKNOLOHIYA SA OPERASYON NG SABONG

SEKSYON 14. Batay sa Batas ng Republika Blg. 7160, sa mga Kapangyarihan, Tungkulin at Kabayarang Tinatanggap ng Sangguniang Bayan, partikular sa Seksyon 447(a), (3) (v), nakasaad na: *Dahil dito, ang Sangguniang Bayan ng Los Baños, Laguna ay may kapangyarihan at tungkulin na gumawa ng Kautusan o Kapasiyahan upang pahintulutan at bigyan ng lisensya ang pagtatatag, operasyon, at pagpapanatili ng mga sabungan, gayundin ang pag-regulate ng sabong sa loob ng kanilang nasasakupan.* Pagkatapos nito, maaaring ipatupad ng Punong Bayan (Local Chief Executive) kung ito ay naniniwalang hindi labag sa anumang

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160 otherwise known as the Local Government Code of 1991

pambansang batas o alituntunin. Sa kadahilanang ito, bilang ahensiyang nangangasiwa sa operasyon at pagpapanatili ng sabungan kabilang ang aktuwal na sabong, pinahihintulutan ang paggamit ng mga sumusunod na makabagong teknolohiya sa sistema ng sabungan:

a. Paggamit ng analog o digital na mga kamera at kaukulang kagamitan upang mairekord ang aktuwal na kaganapan ng sabong sa real-time.
b. Paggamit ng analog o digital na mga kamera at kaukulang kagamitan upang mairekord ang lahat ng mga aktibidad sa loob ng sabungan bilang bahagi ng mga hakbang sa seguridad.
k. Paggamit ng koneksyon sa Internet at mga kaukulang kagamitan upang maipalabas o ma-livestream ang sabong sa real-time.
d. Paggamit ng mga real-time audio equipment at peripherals upang mairekord at maipalabas ang kinakailangang tunog o audio habang nagaganap ang sabong.
e. Paggamit ng lubusang na-audit na Cockfighting Software na sertipikado ng Department of Information and Communications Technology (DICT), kung naangkop, bilang patunay na ang software ay nakatutugon sa mga itinakdang minimum na pamantayan upang maprotektahan ang publiko laban sa anumang mapanlinlang o mapaminsalang gawain. (Alinsunod sa RA 10844 ng 2015).
g. Paggamit ng mga Makina para sa Pagtataya (Betting Machines)

ARTIKULO VII. PAGPAPATUPAD NG SABONG

SEKSYON 15. Ang mga regular na sabong ay maaaring isagawa sa mga regular na araw ng operasyon ng isang lisensyadong sabungan. Subalit, ipinagbabawal ang pagsasagawa ng sabong sa mga sumusunod na araw:

a. Araw ng Bagong Taon (New Year's Day)
b. Huwebes Santo (Holy Thursday)
k. Biyernes Santo (Good Friday)
d. Araw ng Kalayaan ng Pilipinas (Philippine Independence Day)
e. Araw ng mga Bayani (National Heroes Day)
g. Araw ng Pasko (Christmas Day)
h. Araw ni Rizal (Rizal Day)
i. Araw ng Halalan o Referendum (Election/Referendum Day)
l. Araw ng Rehistrasyon para sa nasabing halalan o referendum (Registration Day for such election/referendum)

SEKSYON 16. Ang mga Derby ay maaaring isagawa at pahintulutan matapos ang aplikasyon ng may-ari o tagapagtaguyod (promoter) at ang pagkakaroon ng Special Permit na aprubado sa pamamagitan ng isang resolusyon mula sa Sangguniang Bayan. Ang aplikasyon para sa nasabing derby ay dapat isumite sa Tanggapan ng Punong Bayan (Mayor's Office) hindi bababa sa labinlimang (15) araw bago ang nakatakdang petsa ng kaganapan.

SEKSYON 17. Ang mga Espesyal na Sabong (Special Cockfights) ay maaari lamang isagawa sa bisa ng isang Special Permit na ibibigay ng Punong Bayan (Local Chief Executive), kalakip ang pagsang-ayon ng Sangguniang Bayan. Ang paglalabas

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

ng nasabing mga permit ay dapat na sumunod sa mga sumusunod na probisyon:

A. Hindi lalampas sa tatlong (3) magkakasunod na araw, tuwing Pista ng Barangay, sa pamamagitan ng kapasiyahan ng kaukulang Sangguniang Barangay. Kung ang espesyal na sabong ay gaganapin sa lugar na hindi lisensyadong sabungan, hindi ipagkakaloob ang permit maliban kung magtatayo ng saradong lugar (enclosed premises) para sa kaligtasan ng mga manonood.

B. Hindi lalampas sa tatlong (3) magkakasunod na araw, sa okasyon ng isang pambukid, pangkomersiyo, o pang-industriyang perya, karnabal, o eksposisyon, sa pamamagitan ng resolusyon ng Sangguniang Barangay kung saan ito gaganapin.

K. Para sa aliwan ng mga dayuhang panauhin, turista, o mga nagbabalik na Pilipino (Balikbayan), sa pamamagitan ng aplikasyon ng host organization, sa loob ng panahon na hindi hihigit sa tatlong (3) magkakasunod na araw.

D. Para sa pangangampanya ng pondo para sa mga layuning kawanggawa (charitable purposes), sa pamamagitan ng aplikasyon ng benepisyaryo, sa loob ng panahon na hindi rin lalampas sa tatlong (3) magkakasunod na araw.

Ang bawat aplikasyon ay dapat pirmahan ng may-ari/operator o lisensyado ng sabungan at lagdaan din ng promoter o kinatawan ng benepisyaryo.

SEKSYON 18. Sa panahon ng Derby o Espesyal na Sabong, isang kinatawan ng Munisipyo mula sa Tanggapan ng Ingat-Yaman (Municipal Treasury Office) ang magbabantay sa kaganapan. Pagkatapos ng Derby, ang awtorisadong kinatawan ay mangongolekta ng kabuuang Derby Assessment at Special Cockfight Fees para sa mga nanalong manok, at mag-iisyu ng opisyal na resibo. Ang lahat ng koleksiyon at singilin na nakalap sa panahon ng Derby o Espesyal na Sabong ay isusuko sa Tanggapan ng Ingat-Yaman ng Munisipyo.

SEKSYON 19. Kung at kailan man ang audio at video recording devices ay gagamitin ng may-ari, operator, o tagapamahala ng sabungan — maging ito man ay ipinapalabas nang live o delayed sa anumang midya — ang sabong ay ituturing na isang Espesyal na Sabong (Special Cockfighting Event). Dahil dito, ang lahat ng kaukulang bayarin at mga kinakailangang dokumento sa pananalapi (fiscal duties and requisites) ay dapat sundin at tuparin.

SEKSYON 20. Kung at kailan man ang sabong ay gagamitin bilang paraan upang mangolekta ng pondo para sa mga tiyak na makataong layunin (humanitarian purposes), ito ay ituturing na Espesyal na Sabong para sa Kawanggawa (Special Cockfight for Charitable Purposes). Ang mga kaukulang bayarin at obligasyong pinansyal sa ilalim ng Seksyon 7.d ng kautusang ito ay maaaring bawasan ng tiyak na porsyento.

PROVIDED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR of R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

Dahil dito, ang nasabing Espesyal na Permit para sa Sabong ay kailangang kunin ng institusyong kawanggawa (Charitable Institution) kasama ang katambal nitong grupo o organisasyon na mamamahala sa aktuwal na sabong.Pagkatapos nito, ang na-audit na pahayag pinansyal (audited financial statement) ng mga kinita sa panahon ng Espesyal na Sabong at ang paglalaan ng pondo para sa mga makataong gastusin (humanitarian expenses) ay kailangang isaayos at isumite sa Lokal na Pamahalaan (Local Government Unit), alinsunod sa karaniwang mga patakaran sa pag-audit at accounting. Ang Iskedyul ng mga Bayarin sa panahon ng Espesyal na Sabong para sa mga Makataong Layunin ay ang mga sumusunod:

Mga Detalye	**Pagbawas sa Bayarin/ Charges**	
Derby Assessment at Espesyal na Bayad sa Sabong (Special Cockfight Fees – Winning Cock)	Ang mga benepisyaryo ay mula sa Los Baños	Ang mga benepisyaryo ay mula sa labas ng LGU
Sa mga derby na may panalong taya na mas mababa sa Php 4,000.00	70%	30%
Sa mga derby na may panalong taya na Php 4,000.00 pataas	70%	30%
Minimum na taya na Php 2,000 .00 hanggang Php 4,500.00 bawat sultada	70%	30%
Minimum na taya na Php 5,000.00 pataas bawat sultada	70%	30%

ARTIKULO VIII: MGA IPINAGBABAWAL

SEKSYON 21. Ipinagbabawal ang pagbebenta at pag-inom ng alak at iba pang inuming nakalalasing sa loob ng sabungan o sa paligid nito.

SEKSYON 22. Ipinagbabawal ang iba pang uri ng sugal sa loob ng sabungan. Ang may-ari, tagapamahala, o umuupa sa sabungan, gayundin ang mga lalabag sa seksyong ito, ay mananagot sa ilalim ng mga umiiral na batas penal.

SEKSYON 23. Ipinagbabawal ang pagdadala ng mga nakamamatay na sandata, maliban na lamang para sa mga personnel ng seguridad at mga awtoridad militar.

SEKSYON 24. Pagbabawal sa mga menor de edad – Ang sinumang wala pang labing-walong (18) taong gulang ay hindi pinahihintulutang pumasok sa loob ng sabungan o tumaya sa sabong. Ang operator, tagapamahala, o lisensyadong may-ari ng sabungan ay may pananagutan sa mahigpit na pagpapatupad ng patakarang ito.

SEKSYON 25. Mga Reklamo at Protesta – Ang Sangguniang Bayan ay may kapangyarihang tumanggap at dinggin ang mga reklamo o protesta kaugnay ng operasyon at pamamahala ng mga sabungan o ng pagpapatupad ng sabong, kung ito ay isinusulat at isinusumpa (under oath). Ang Sangguniang Bayan ay magtatakda ng mga patakaran at pamamaraan sa pagresolba ng mga naturang kaso.

PROVIDED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code

SEKSYON 26. Mga Panukalang Laban sa Pandaraya (Anti-Fraud Measures) – Bilang pagpapakita ng katangiang Pilipino ng katapatan at tradisyon ng patas na laro (fair play), ang Sangguniang Bayan ay magpapatupad ng mga hakbang upang maiwasan ang anumang uri ng pandaraya o manipulasyon. Ang sinumang mapatunayang sangkot dito ay mapaparusahan alinsunod sa umiiral na mga batas penal.

SEKSYON 27. Walang kagamitan, aparato, o software para sa sabong ang maaaring gamitin maliban kung ito ay nasuri at nakarehistro sa Lokal na Pamahalaan ng Los Baños, Laguna, sa pamamagitan ng itinalagang tanggapan para sa inspeksiyon at pagrerehistro.

ARTIKULO IX. MGA PARUSANG PATAKARAN (PENAL PROVISIONS)

SEKSYON 28. Sinumang tao na magpapatakbo ng sabungan o magsasagawa ng sabong nang walang kaukulang permit na kinakailangan sa ilalim ng kautusang ito ay, sa sandaling mapatunayang nagkasala, ay paparusahan ng multa na hindi lalampas sa Dalawang Libo't Limang Daang Piso (Php 2,500.00) ngunit hindi bababa sa Limandaang Piso (Php 500.00) sa salaping Pilipino, pagkakakulong, o parehong multa at pagkakakulong, ayon sa pagpapasya ng Hukuman.

SEKSYON 29. Sinumang lalabag sa alinmang probisyon ng kautusang ito ay, sa sandaling mapatunayang nagkasala, ay paparusahan o pagmumultahin ng halagang hindi bababa sa Limandaang Piso (Php 500.00) ngunit hindi lalampas sa Dalawang Libo't Limang Daang Piso (Php 2,500.00) sa salaping Pilipino, pagkakakulong, o parehong multa at pagkakakulong, ayon sa pagpapasya ng Hukuman.

SEKSYON 30. Ang Punong Bayan ng Los Baños, Laguna, bilang Punong Tagapagpaganap (Chief Executive), ay maaaring ipagbawal ang anumang sabong o operasyon ng sabungan matapos ang makatarungan at walang-kinikilingang imbestigasyon na kanyang ipag-utos, kung mapatunayang ang may-ari, tagapamahala, o operator ay lumabag sa mga probisyon ng kautusang ito.

Ang mga kaukulang parusa ay ang mga sumusunod:

a. Unang Pagkakasala: Dalawang (2) linggong suspensyon ng prangkisa
b. Ikalawang Pagkakasala: Isang (1) buwang suspensyon ng prangkisa
k. Ikatlong Pagkakasala: Pagpawalang-bisa o pagkansela ng prangkisa (Revocation of Franchise)

ARTIKULO X. IBA PANG MGA PROBISYON

SEKSYON 31. **PAGPAPATUPAD (APPLICABILITY CLAUSE).** Ang mga probisyon ng Kautusang Pampanguluhan Blg. 449, na kilala bilang "Cockfighting Law of 1974", gayundin ng Kautusang Pampanguluhan Blg. 1802 at Kautusang Pampanguluhan Blg. 1802-A (na lumilikha sa Philippine Gamefowl Commission), at iba pang mga kaukulang batas, ay ipatutupad sa lahat ng usaping may kinalaman sa operasyon ng mga sabungan sa nasasakupan ng bayan na ito.

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991

SEKSYON 32. **PAGHIHIWALAY (SEPARABILITY CLAUSE)**. Kung sakaling ang alinmang probisyon, seksyon, o bahagi ng kautusang ito ay ideklarang labag sa Konstitusyon o walang bisa, ang ibang mga bahagi o probisyon na hindi apektado ay mananatiling ganap na may bisa at ipatutupad.

SEKSYON 33. **PAGWAWAKAS (REPEALING CLAUSE).** Lahat ng mga kautusan, alituntunin, at regulasyon, o bahagi nito, na sumasalungat o hindi kaayon sa mga probisyon ng kautusang ito ay binabawi, binabago, o inaamyendahan nang naaayon.

SEKSYON 34. **PAGPAPATUPAD (EFFECTIVITY CLAUSE).** Ang kautusang ito ay agad na magkakabisa matapos itong maaprubahan at maipaskil sa hindi bababa sa tatlong (3) lantad na lugar sa loob ng Bayan ng Los Baños.

PINAGTIBAY : Abril 06, 2026

PINATUTUNAYAN KO ang Kawastuhan ng Kautusang ito.

DONNA T. ALBORIDA-DIZON
Kalihim para sa Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN:

KGG. MARLO PJ A. ALIPON, MPA, REE, RMP
Pangalawang Punumbayan/Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. NEIL ANDREW N. NOCON
Punumbayan

APPROVED: As per provision of Art 108 (a) & (b) of the IRR OF R.A. 7160, otherwise known as the Local Government Code of 1991